

Minamahal na mga Pamilya ng ASD,

Sa pagtatapos ng ating first quarter ng panuruang taon, napatunayan na mabisa ang aming mga protokol sa pagpapagaan sa COVID. Patuloy naming inaayos ang aming mga plano batay sa pinakabagong data upang mapanatiling malusog ang mga mag-aaral at kawani na naroroon sa eskwelahan habang binabawasan ang pagkalat ng COVID. Mangyaring abangan ang paparating na mga klinika sa pagbabakuna ng trangkaso upang maisulong ang kalusugan sa inyong pamilya.

Sumusulat ako upang tawagan ang inyong suporta bilang katuwang ninyo sa pagtulong sa paglago at pag-unlad ng ating mga mag-aaral sa pag-uugali, pang-emosyonal, at siyempre, sa pang-akademya. Kinikilala ang ASD para sa kanyang pamantayan sa Social and Emotional Learning (SEL) nang mahigit na 10 taon na. Kami ay laging nasa unahan na umaasa at nagtuturo ng mga kasanayang ito. Kung hindi ninyo kabisado ang kahulugan ng SEL, ang mga pamantayang ito ay nakatuon sa mga kasanayan sa kakayahang ginagamit sa trabaho, o na kung tawagin ko ay ang mga kasanayan na pang "ako" at mga kasanayan na pang "tayo". Mahalaga na matutunan ng ating mga anak ang mga kasanayan ng may mabuting asal (soft skills) at mga kasanayang pang-akademya (hard skills) sa ating mga tahanan at paaralan.

Sa mga talakayan ng mga guro at punong-guro ay nagtatampok na ang mga tagapagturo ay masaya na bumalik sa mga paaralan. Ang mga programa sa-bahay sa mga huling 18 buwan ay nagkaroon ng mga paghihirap sa ating mga mag-aaral, pamilya, at kawani. Ang mas partikular, ang pagsisimula sa taong ito ay mas mahirap kaysa sa iba pa, hindi lamang dahil sa pagpapagaan ng COVID, kundi ang pag-aaral muli sa aming mga silid-aralan, courts, at larangan. Pagkatapos mag klase sa Zoom, drive-through graduations, at mga gawaing kinansela, kailangan naming muling pag-aralan ang kahalagahan ng pagsasama-sama sa aming mga paaralan na naglalaman ng mga iba't-ibang populasyon ng mag-aaral sa bansa.

Nakikita namin ang mga paghihirap simula sa mga paaralang elementarya na may mga pasabog ng mag-aaral, kabilang ang mga luha at pagdadabog. Sa aming mga middle at high school, may mga oras na nagmumura at kumikilos na walang galang ang mga mag-aaral sa mga matatanda at kapwa sa isa't-isa. Ang mga kawani ay nag-uulat din na maraming pisikal na pagtatalo sa mga mag-aaral. Mangyaring ipaalala sa inyong mga mag-aaral na ang karahasan sa aming paaralan ay hindi pinapayagan. Maaari ninyong makita ang tensyon at stress sa inyong mga anak pati na rin sa bahay. Maaari tayong magtulungan dito upang mapahusay ang ating mga kabataan, dahil sila ang ating pag-asa at hinaharap.

Ang isang partikular na pag-uugali na nais kong ipaliwanag ay kasama ang kamakailang pangyayari ukol sa diskriminasyon at wikang racist. Ang pandemyang ito ay nagdala ng dibisyon sa ating bansa, estado, at munisipalidad sa maraming pamamaraan. Ang ASD ay isang maliit na mundo ng ating komunidad; kung ang pamimintas at diskriminasyon ay umiiral sa ating komunidad, malamang na babalik ang pangit na puno't dulo nito sa aming mga paaralan.

Ang School Board ay bumoto ng 7-0 upang maipasa ang bagong patakaran ng anti-rasismo na nagpapahintulot sa amin na suriin ang mga sitwasyon at kilalanin na ang rasismo ay walang lugar sa aming mga paaralan. Bilang resulta, ang aming mga kawani ay makikisali sa pagsasanay laban sa diskriminasyon at anti-rasismo ngayong semestre. Bilang karagdagan,

nagtatrabaho kami sa mga programa at proseso na bumubuo ng kakayahan sa mga mag-aaral upang matugunan ang matagumpay na pag-uugali para sa pag-aaral at buhay.

Ang mga istraktura at mga gawain ng paaralan ay pinag-aaralang muli upang suportahan ang pag-aaral sa kasanayan ng may mabuting asal (soft skills) at kasanayang pangakademya (hard skills) ang ating mga mag-aaral. Mangyaring maglaan ng oras sa bahay upang ibahagi ang inyong mga inaasahang kilos ng inyong mag-aaral habang nasa paaralan at kausapin sila upang malaman kung anong suporta ang mga iniaalok sa ating mga paaralan upang maging matagumpay ang bawat araw ng pag-aaral. Sa pakikipagtulungan, makakagawa tayo ng pagbabago sa buhay ng ating mga kabataan.

Ang pandemya ay nagbigay ng higit na pagkapagod sa aming mga kawani kaysa sa anumang panahon ng aking karera. Sa ibang dako ng aming workforce, kabilang ang grupo ng mga substitute, ay tumatakbo ngunit kaunti ang mga kawani sa taong ito. Ang aming mga guro at punong-guro ay sagad na sagad na habang naglilingkod sila sa mga mag-aaral at madalas na sumasaklaw sa mga tungkulin ng mga ibang posisyon na hindi nabigyan ng substitute. May kapaguran sa lahat ng antas. Mangyaring malaman na ginagawa namin ang lahat para maghanap at tumanggap sa mga bakanteng posisyon upang mabawasan ang pagod.

Pinatutunayan ng Anchorage School District ang karapatan ng lahat ng mga mag-aaral at kawani na ipagpatuloy ang kanilang edukasyon at magtrabaho nang may dignidad at paggalang, sa isang ligtas na kapaligiran.

Salamat muli para sa paghihikayat at pagpapalakas ng tagumpay na ibinibigay ninyo sa inyong mga anak araw-araw.

Cheers,

Deena Bishop, Ed.D.
Superintendente

[Link to English version](#)